

IHS Markit Philippines Manufacturing PMI®

Naitala ng Manufacturing PMI ang pinakamataas nito sa loob ng 25 buwan noong Enero

Key findings

Tumaas nang kaunti ang output at bilang ng mga bagong order

Tumaas ang aktibidad sa pagbili sa unang pagkakataon sa loob ng 11 buwan

Nagkaipon-ipon ang mga pressure sa gastos dahil sa kakulangan ng materyales

Ang data ng Enero 2021 ay nakolekta noong 12-22 Enero 2021.

Ang data noong Enero ay nagsenyales ng pagbabago sa mga kundisyon ng operasyon sa sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas kasunod ng tatlong magkakasunod na buwan ng contraction. Ang tumataas na demand ng customer ay humantong sa pagtaas ng output at pagdami ng mga bagong order at tumaas ang aktibidad sa pagbili sa unang pagkakataon sa loob ng labing-isang buwan. Dahil inasahang tataas pa ang demand, dumami nang bahagya ang mga stock ng mga binili at lumaki rin nang bahagya ang imbentaryo sa post-production. Samantala, nanatiling positibo ang sentimiyento tungkol sa output sa susunod 12 buwan at nakapagdulong positibong pananaw ang pagdami ng mga bagong order. Gayunpaman, ang mga pagsisikap na magtipid ay naging dahilan ng lalo pang pagbabawas ng tauhan sa simula ng 2021.

Sa aspeto ng presyo, ang kakulangan ng materyales ay humantong sa mas malalaking singil ng mga supplier at naging pinakamabilis ang pagtaas ng presyo ng input sa loob ng dalawang taon. Bilang resulta, tumaas ang mga singil sa output dahil ipinasa ng mga kumpanya sa mga kliyente nito ang parte ng pagtaas ng pasanang gastos.

Ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ay tumaas sa 52.5 noong Enero mula sa 49.2 noong Disyembre, na nakapagtala nang mas mataas sa 50.0 na neutral value na naghihiwalay sa expansion at contraction. Ang pinakabagong tala ay nagpakita ng kapansin-pansing pagganda ng mga kundisyon ng pagnenegosyo, hudyat ng pagsisimula ng pagbawi mula sa pagbagsak na dulot ng coronavirus pandemic 2019 (COVID-19).


Bahagyang dumami ang output sa simula ng taon sa kabila ng mga paghihigpit na nauugnay sa virus. Ayon sa mga miyembro ng panel, ang pagkakaroon ng mga bagong kliyente at tumataas na demand ay nakaambag sa pagtaas ng produksyon.

Patuloy na dumami ang mga bagong order at naitala ito sa pinakamabilis na rate mula noong Hulyo 2019. Binanggit ng mga respondent na ang muling pagtaas ng lokal na demand ang siyang nagdulot ng pagtaas na ito. Gayunpaman, lumiit ang bilang ng mga order mula sa ibang bansa, at madalas na isinaad bilang dahilan ng pagbabang ito ang mga paghihigpit sa mga pangunahing destinasyon ng export dahil sa pandemya.

Bagama't naging mas mataas ang mga antas ng produksyon, ang mga pagsisikap sa restructuring at boluntaryong pagre-resign ay humantong sa higit pang pagbabawas sa pinapasuwelduhan. Gayunpaman, naging pinakamabagal ang pagbaba sa loob ng kasalukuyang labing-isang magkakasunod na buwan ng

ipinagpatuloy...

Philippines Manufacturing PMI
sa, >50 = pagganda mula noong nakaraang buwan



Source: IHS Markit.

Komento

Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni Shreeya Patel, na Ekonomista sa IHS Markit, na:

"Ayon sa data noong Enero, nagkaroon ng pagbawi sa mga kundisyon ng pagnenegosyo sa sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas pagkatapos ng tatlong magkakasunod na buwan ng pagbaba. Tuloy-tuloy ang naging pagtaas ng mga produksyon, habang ang muling pagdami ng mga bagong order ay naghudyat ng pagganda ng mga kundisyon ng demand. Ang pagtaas ng aktibidad sa pagbili at mga imbentaryong puno ng stock ay naging positibong senyales din na inaasahan ng mga kumpanya ng pagmamanupaktura na tataas ang demand sa mga susunod na buwan.

"Gayunpaman, nanatiling kapansin-pansin ang mga senyales ng kahinaan dahil sa mga pagbabawas ng tauhan at mabilis na pagtaas ng mga pressure sa gastos. Gayundin, ang mga paghihigpit na nauugnay sa virus ay nakaambag sa mas mahahabang oras ng paghahatid at mababang demand mula sa ibang bansa.

"Umaasa ang mga negosyo na magkakaroon ng matagumpay at mabilis na roll-out plan ng pagbabakuna, na nakaiskedyul na magsimula sa unang quarter. Bago iyon, malamang na mananatili ang mga paghihigpit habang sinusubukan ng mga policy maker na panatilihang mababa ang bilang ng kaso ng virus."

contraction. Gayundin, ang kapansin-pansing pagkaunti ng natitirang gawain ay nagsaad na nagkaroon ng sobrang kapasidad sa sektor ng pagmamanupaktura noong Enero.

Kasabay ng mas malaking volume ng output, pinalawig ng mga nagmamanupaktura sa Pilipinas ang kanilang aktibidad sa pagbili sa simula ng taon. Gayundin, ang pagsisikap na iakma ang mga stock sa pagdami ng mga bagong order ay humantong sa bahagyang pag-iipon ng mga imbentaryo sa pre-production at mga stock ng natapos na produkto.

Nagpakita ng pagkaantala sa daloy ng supply ang data ng survey noong Enero, kung saan naging pinakamatagal ang paghahatid ng mga supplier sa loob ng apat na buwan. Ang pagsisikap sa mga port at mga paghihigpit dahil sa COVID-19 ay karaniwang iniiugnay sa paghina ng performance ng vendor.

Ang mas mataas na gastos sa raw materials ay nagresulta sa pagtaas ng presyo ng input noong Enero. Binanggit din ng ilang respondent na nakadagdag sa mga pressure sa gastos ang hindi magandang lagay ng panahon. Ang pinakabagong pangkalahatang pagtaas ng mga pasaning gastos ay ang pinakamataas mula noong Nobyembre 2018.

Dahil sa mabilis na pagtaas ng presyo ng input, ipinasa ng mga nagmamanupaktura sa Pilipinas ang mas malalaking pasaning gastos sa mga kliyente nito sa pamamagitan ng mas malalaking singil sa factory-gate. Naging pinakamabilis ang pinakabagong pagtaas sa loob ng kasalukuyang siyam na buwang yugto ng inflation ng presyo ng output.


Kung tatanaw sa hinaharap, nanatiling positibo ang sentimyento sa pagnenegosyo sa mga nagmamanupaktura sa Pilipinas, dahil patuloy na umaasa ang mga kumpanya na magkakaroon ng paglaki ng produksyon sa taong ito. Ang pag-asang tataas ang demand ng kliyente at luluwag ang mga paghihigpit dahil sa COVID-19 ay nagdulot ng positibong pananaw. Gayunpaman, mas kaunti ang positibong sentimyento kumpara noong Disyembre dahil nagkaroon ng epekto sa kumpiyansa ang pagpapatuloy ng pandemic.

PMI Output Index

sa, >50 = paglago simula noong nakaraang buwan

Produksyon ng manufacturing

%yr/yr



Sources: IHS Markit, CSO.

Makipag-ugnayan

Shreeya Patel

Economist

IHS Markit

T: +44 134 432 8196

shreeya.patel1@ihsmarkit.com

Katherine Smith

Public Relations

IHS Markit

T: +1-781-301-9311

katherine.smith@ihsmarkit.com

Pamamaraan

Ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananagot ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Hindi nirebebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasabayos.

Ang data ng Enero 2021 ay nakolekta noong 12-22 Enero 2021.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananagot ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapakita sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2021 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa joanna.vickers@ihsmarkit.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa <https://ihsmarkit.com/products/pmi.html>.